

BINAGONG Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao
Plano na Pangproteksyon sa COVID-19 na
Partikular sa Lokasyon



Ligal na Pangalan ng Negosyo:

Kathang-isip na Pangalan ng Negosyo (kung mayroon):

Ang address ng partikular na pasilidad o lugar ng trabaho na paksa ng Protokol na ito (Kumpletuhin ang isang protokol para sa bawat pasilidad o lugar ng trabaho. Kung ang negosyo ay nagsasagawa lamang ng mga serbisyo sa mga pasilidad o lugar ng trabaho na hindi ang negosyo ang may-ari o ang nagpapatakbo — halimbawa, isang negosyo ng paglilinis ng bahay o lawncare), dapat i-tsek ng negosyo ang kuwadrado na "Walang Pasilidad ang Negosyo" sa ibaba at ang protokol na ito ay dapat sumasakop sa mga serbisyong iyon):

Street Address at Unit Number:

Lungsod:

Zip Code:

- Walang Pasilidad ang Negosyo: Lagyan lamang ng tsek ang kuwadradong ito kung ang negosyo ay nagsasagawa lamang ng mga serbisyo sa mga pasilidad/lugar ng trabaho na hindi ang negosyo ang may-ari o ang nagpapatakbo, at ibigay ang buong mailing address ng negosyo dito:

Mailing Street Address:

Lungsod:

Zip Code:

Uri ng Negosyo:

Pasilidad/Lugar ng Trabaho na binibisita ng publiko: OO o HINDI o Hindi Naaangkop

Indibidwal na May-ari o Manager na Responsable para sa Pagtitiyak nang Pagsunod sa Protokol

(Tandaan: Ang impormasyong ito ay makikita ng publiko)

Pangalan:

Titulo:

Número ng telepono:

Email Address:

Ang Protokol na ito ay isinumite noong:

Mangyaring i-tsek kung naaangkop:

- Kapalit na Protokol:** Ang negosyong ito ay nagsumite ng Binagong Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao sa website ng County pagkatapos ng Oktubre 11, 2020 gamit ang webform na ito. Ang protokol na ito **pumapalit** sa Binagong Protokol na dating naisumite sa website ng County pagkatapos ng Oktubre 11, 2020.

Ang mga negosyo ay **dapat** magpatupad ng lahat ng naaangkop na mga pamamaraan na nakalista sa ibaba at maging handa na magpaliwanag kung bakit ang anumang pamamaraan na hindi ipinatupad ay hindi naaangkop sa negosyo.

Ang mga negosyo ay dapat regular na magsuri ng pasilidad o lugar ng trabaho na paksa ng pagsumite na ito para sa pagsunod sa Protokol na ito.

Palatandaan:

- Magpaskil ng palatandaan sa bawat pasukan ng pasilidad o lugar ng trabaho na nagpapaalam sa mga tauhan at customer ng mga sumusunod (ang mga palatandaan na tumutugon sa kinakailangan na ito ay maaaring madownload at mai-print mula sa website ng COVID-19 ng County):

BINAGONG Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao
Plano na Pangproteksyon sa COVID-19 na
Partikular sa Lokasyon



- Huwag pumasok kung mayroon kayong mga sintomas ng COVID-19;
 - Manatili ng hindi bababa sa anim na talampakan ang layo mula sa iba sa lahat ng oras;
 - Kinakailangan ang mga panakip sa mukha upang makapasok (maliban sa mga maliliit na bata, hindi makatakip sa mukha dahil sa payong medikal, o para sa komunikasyon ng o sa mga taong may kapansanan sa pandinig);
 - Takpan ang pagbahing at ubo ng tela, tisyu, o siko;
 - Huwag makipagkamay o makisali sa hindi kinakailangang pisikal na pakikipagsalamuha.
- Magpaskil ng palatandaan sa naaangkop na mga lokasyon sa buong pasilidad/lugar ng trabaho na nagpapaalala sa lahat na magsuot ng mga panakip sa mukha sa lahat ng oras at magpanatili ng hindi bababa sa anim na talampakan na distansya sa iba.
 - Magpaskil ng isang kopya ng inyong na-update na Palatandaan na COVID-19 PREPARED at Papel ng Impormasyon para sa Bisita ng Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao sa bawat pasukan kung saan madali silang makita. Ang mga dokumentong ito ay ibibigay sa iyo sa paraang elektroniko kapag isumite niyo ang Binagong Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao na ito.

Pagsasanay ng Tauhan:

- Pagkatapos isumite, ipamahagi ang mga kopya ng nakumpletong Protokol sa lahat ng mga tauhan, at sanayin ang lahat ng mga tauhan sa Protokol na ito.
- Para sa mga negosyo na nagsasagawa ng mga serbisyo para sa mga pasilidad o mga lugar ng trabaho na hindi ang negosyo ang may-ari o ang nagpapatakbo, ipamahagi ang isang kopya ng nakumpletong Protokol sa may-ari o sa operator ng bawat pasilidad o lugar ng trabaho kung saan ang negosyo ay nagsasagawa ng mga serbisyo.
- Sanayin ang mga tauhan sa pangunahing impormasyon hinggil sa COVID-19 mula sa CDC na makikita sa <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/index.html>, kabilang kung paano maiwasan ang pagkalat ng COVID-19, kung sino ang madaling mahawaan/magkasakit sa sakit, at kung kailan hihingi ng medikal na atensyon.
- Sanayin ang mga tauhan sa pagsuri (screen) ng kanilang mga sarili para sa mga sintomas ng COVID-19, kabilang ang mga temperatura at/o pagsuri ng mga sintomas gamit ang mga patnubay ng CDC na makikita sa <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/symptoms-testing/symptoms.html>.
- Sanayin ang mga tauhan sa pangangailangan na manatili sa bahay at magpasuri (test) kung mayroon silang madalas na pag-ubo, lagnat, kahirapan sa paghinga, panginginginig, pananakit ng kalamnan o katawan, pananakit ng ulo, pananakit ng lalamunan, pagkahilo, pagsusuka, pagtatae, pagkapagod, o kamakailan-lang na pagkawala ng panlasa o pang-amoy. Tiyaking alam ng lahat ng mga tauhan na dapat din silang manatili sa bahay kung sila o ang isang taong nakatira sa kanila ay nasuri na may COVID-19, o kung nakipagsalamuha sila ng malapitan sa isang taong nasuring may COVID-19.
- Sanayin ang mga tauhan sa patnubay ng County para kung kailan ligtas na bumalik sa trabaho kung mayroon silang mga sintomas ng COVID-19, nasuring positibo sa COVID-19, o nakipagsalamuha sila ng malapitan sa isang taong nasuring positibo sa COVID-19. Ang mga patnubay ng County ay makikita sa: https://www.sccgov.org/sites/covid19/Pages/business-guidance.aspx#business_safety_guidance.
- Sanayin ang mga tauhan sa pangangailangan ng madalas na paghuhugas ng kamay gamit ang sabon at

HINDI PARA SA OPISYAL NA PAGGAMIT: SAMPOL LAMANG
BINAGONG Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao
*Plano na Pangproteksyon sa COVID-19 na
Partikular sa Lokasyon*



tubig, striktong paggamit ng panakip sa mukha, kahalagahan ng pagdistansya sa ibang tao, at iba pang mga pamamaraan na kinakailangan sa Protokol na ito.

- Sanayin ang mga tauhan sa kahalagahan ng pagpapasuri para sa COVID-19 alinsunod sa patnubay ng County na makikita sa <https://www.sccgov.org/sites/covid19/Pages/covid19-testing.aspx>, at ipaliwanag na makukuha nila ang pagsusuri sa kanilang healthcare provider o sa mga libreng lugar ng pagpapasuri sa komunidad (www.sccfreetest.org).
- Magbigay-alam sa mga tauhan na maaari silang mag-ulat ng anumang mga kakulangan sa pagsunod sa mga kinakailangan ng Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao ng negosyong ito o anumang iba pa kung saan sila maaaring magtrabaho sa www.sccCOVIDconcerns.org o sa pagtawag sa Office of Labor Standards Enforcement Advice Line sa 866-870-7725.
- Ipagbigay-alam sa mga tauhan tungkol sa mga benepisyong leave na nai-sponsor ng employer o ng gobyerno na maaaring makuha ng mga tauhan, kasama na ang mga benepisyong natukoy sa sumusunod na address: <https://www.labor.ca.gov/coronavirus2019/#chart>.
- Kaagad sanayin ang mga tauhan sa bago o nabago na mga pamamaraang kaligtasan sa COVID-19 pagkatapos ma-update ang Protokol na ito.
- Opsyonal — Ilarawan ang iba pang mga pamamaraan na pinaplano ng negosyong ito para sanayin ang mga tauhan sa kaligtasan sa COVID-19 at mga nauugnay na isyu:

Mga Pamamaraan sa Pagkontrol at Pagsuri sa Indibidwal:

- Damihan ang bilang ng mga tauhan na nagtatrabaho mula sa bahay. Dapat atasan ng mga negosyo ang lahat ng tauhan na maaaring magsagawa ng kanilang itinalagang tungkulin sa trabaho mula sa bahay na gawin na ito, at dapat nilang pagbawalan ang mga tauhang iyon sa pagsasagawa ng mga tungkulin sa trabaho sa pasilidad o lugar ng trabaho.
- Para sa mga tauhan na hindi nagtatrabaho mula sa bahay:
 - Atasan ang lahat ng mga manggagawa na huwag pumunta sa trabaho kung may sakit o nagpapakita ng mga sintomas ng COVID-19.
 - Tanungin ang lahat ng tauhan kung mayroon silang mga sintomas ng COVID-19 sa simula ng bawat shift, at suriin ang ibang tao bago sila pumasok sa pasilidad o lugar ng trabaho. Ipauwi ang mga tauhan sa kanilang bahay kung inulat nila ang kanilang mga sintomas ng COVID-19. (*Tandaan, hindi kinakailangan ang pagsuri ng temperatura gamit ang thermometer o thermal scanner, at maaaring makadagdag sa panganib ng COVID-19 kung maraming empleyado ang magsama-sama sa parehong lugar para sa pagsuri ng temperatura.)
 - Mangailangan sa lahat ng tao, maliban sa mga nakabukod mula sa mga kinakailangan ng panakip sa mukha, na maayos na magsuot ng mga panakip sa mukha sa lahat ng oras alinsunod sa mahigpit na Patnubay sa Paggamit ng mga Panakip sa Mukha ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng California at sa pagsunod sa Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan. Kasama sa mga nakabukod sa mga kinakailangan ng panakip sa mukha ang mga maliliit bata, ang mga tao na hindi makatakip sa mukha dahil sa payong medikal, o para sa komunikasyon ng o sa mga taong may kapansanan sa pandinig.
- Opsyonal - Ilarawan ang iba pang mga pamamaraan:

BINAGONG Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao
Plano na Pangproteksyon sa COVID-19 na
Partikular sa Lokasyon



Mga Protokol ng Paghuhugas at Pag-sanitize ng Kamay:

- Hikayatin ang madalas na paghuhugas ng kamay o paggamit ng sanitizer ng kamay at magbigay ng madalas na mga pahinga (breaks) para sa paghuhugas ng kamay.
- Ang sanitizer ng kamay at/o sabon at tubig ay magagamit sa o malapit sa pasukan ng pasilidad, sa mga checkout counter, at sa iba't ibang mga lokasyon sa buong pasilidad upang makapagbigay-daan na madalas na malinisan ng publiko at kawani ang kanilang mga kamay.
- Ang mga pasilidad ng paghuhugas ng kamay at iba pang mga pasilidad ng kalinisan ay gumagana at may suplay sa lahat ng oras.
- Opsyonal - Ilarawan ang iba pang mga pamamaraan:

Mga Protokol ng Paglilinis at Pagdisimpekta

- Lubos at regular na linisin ang mga madalas na pinupuntahan na lugar (kabilang ang mga lugar ng pag-upo, mga silid ng pahinga, banyo, at iba pang mga karaniwang lugar) at madalas na disimpektahin ang mga madalas na hinahawakan na mga kagamitan (kabilang ang mga doorknob, mga handrail, counter, mga lamesa, lugar sa pagcheckout, cash register, telepono, mga kontrol sa elevator, atbp.).
- Ang mga punas na pangdisimpekta na epektibo laban sa COVID-19 ay nakahanda para magamit ng mga customer at tauhan na malapit sa mga shopping cart at basket kung ginagamit ang mga shopping cart at basket sa pasilidad.
- Magtalaga ng mga kawani upang regular na madisimpekta ang mga cart at basket na ginagamit sa pasilidad kung ang mga shopping cart at basket ay ginagamit sa pasilidad.
- Disimpektahin ang pinasasaluhang kagamitan at hinahawakan na mga kagamitan tulad ng mga portal ng pagbabayad at panulat pagkatapos ng bawat paggamit.
- Maglagay ng mga device na hindi hinahawakan (kabilang ang mga sistema ng pagbabayad, motion sensor lights, awtomatikong dispenser ng sabon at tuwalya, at mga sistema ng timecard) kung maaari.
- Ayusin ang mga oras ng pagpapatakbo ng negosyo upang magbigay ng sapat na oras para sa paglilinis at pag-stock na may pagdistansya sa ibang tao, at magbigay ng oras para sa mga manggagawa na maglinis sa pagitan ng mga shift.
- Upang mapabuti ang bentilasyon, pagsasala, at panlabas na palitan ng hangin:
 - Suriin ang sistema ng HVAC (kung naaangkop) upang matiyak na ito ay gumagana ng tama, at ito ay dapat regular na siniserbisyo.
 - Isaalang-alang ang mga pag-upgrade sa HVAC at pagbuo ng mga sistemang pagsasala ng hangin at ipatupad ang anumang mga pagpapabuti na maaaring gawin sa mga sistemang ito (halimbawa, upang mapahusay ang kahusayan ng pagsasala ng hangin at dagdagan ang porsyento ng panlabas na hangin sa pamamagitan ng sistemang HVAC).
 - Buksan ang mga bintana at pintuan sa buong pasilidad kapag pinapayagan ng mga kondisyon sa kapaligiran, gusali, at kaligtasan.
- Opsyonal — Ilarawan ang iba pang mga pamamaraan:

BINAGONG Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao
Plano na Pangproteksyon sa COVID-19 na
Partikular sa Lokasyon



Mga Pamamaraan upang Magpanatili ng Pagdistansya Mula sa Ibang Tao:

- Limitahan ang bilang ng mga tao sa pasilidad/lugar ng trabaho upang mapayagan ang sapat na pagdistansya sa ibang tao (anim na talampakan ang pinakamalapit) sa lahat ng oras at upang sumunod sa anumang naaangkop na mga paghihigpit sa kapasidad sa Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan.
 - Suriin, sundin, at ipatupad ang anumang naaangkop na mga limitasyon sa kapasidad para sa pasilidad, na sumusunod sa lahat ng mga tagubilin na nakalista sa www.sccgov.org/covidcapacity.
- Italaga ang isang kawani upang matiyak na ang pinakamataas na bilang ng mga tao na nasa lugar ay hindi lumampas, na ang lahat ng mga tao ay may suot na panakip sa mukha kung kinakailangan ng Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan, at ang mga taong pumapasok ay sumusunod sa iba pang mga probisyon ng Protokol na ito. Tiyakin na ang kawani na ito ay higit sa anim na talampakan ang layo mula sa iba upang mapanatili ang sapat na distansya sa ibang tao.
- Mangailangan sa lahat ng mga tao sa pasilidad/lugar ng trabaho na magpanatili ng hindi bababa sa anim na talampakan na distansya mula sa ibang tao, maliban kung mahigpit na kailangan upang maisagawa ang mga tungkulin sa trabaho.
- Maglagay ng tape o iba pang mga marka ng hindi bababa sa anim na talampakan ang pagitan sa mga pila ng customer sa loob ng tindahan at sa mga bangketa sa mga pampublikong pasukan kasama ang mga palatandaan na nagtuturo sa mga customer na gamitin ang mga marka upang mapanatili ang distansya sa ibang tao.
- Kung maaaring magawa, dagdagan ang hindi personal na pagbili (remote purchasing thru online at telepono), delivery, at mga opsyon para sa serbisyo ng curbside pickup.
- Paghiwalayin ang mga lugar ng pag-order mula sa mga delivery area upang maiwasan ang pagtitipon ng mga customer.
- Bawasan ang anumang mga personal na pagpupulong at ayusin ang mga kinakailangan na pagpupulong upang matiyak ang sapat na pagdistansya sa ibang tao.
- Isa-isahin ang mga pahinga ng mga tauhan, bilang pagsunod sa mga regulasyon sa sahod at oras, upang mabawasan ang bilang ng mga manggagawa na magkakasama sa pahinga.
- Kung maaari, lumikha ng mga panlabas na lugar ng pahinga na may mga takip na lilim bilang kapalit sa mga panloob na mga lugar ng pahinga. Hikayatin ang mga tauhan na kainin ang kanilang pagkain at magpahinga sa labas na nakadistansya sa iba kapag pinapayagan ng mga kondisyon.
- Limitahan ang pag-access sa o isara ang mga panloob na silid ng pahinga upang hikayatin ang paggamit ng mga panlabas na lugar ng pahinga at maiwasan ang pagsisiksikan. Hindi hikayatin o ipagbawal ang pagkain o pag-inom sa maliliit, nakapaloob na mga silid-pahinga kung mayroong mga hindi gaanong mapanganib na mga alternatibong lugar para kumain ang mga kawani (tulad nang sa labas o nakadistansya sa iba sa mga indibidwal na istasyon ng trabaho).
- Mangailangan sa mga manggagawa na panatilihin ang 6 na talampakan na distansya sa ibang tao sa lahat ng oras habang nagpapahinga, at mas mabuti na mas malayo kung kumakain o umiinom.

BINAGONG Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao
Plano na Pangproteksyon sa COVID-19 na
Partikular sa Lokasyon



Ayusin ang mga lugar ng pahinga upang magawa ang pagdistansya sa ibang tao.

- Dagdagan ang paggamit ng panlabas na espasyo para sa mga pakikipaghalubilo o mga transaksyon sa mga customer upang mabawasan ang oras na ang mga customer at tauhan ay nasa loob, lalo na kung malapit sa isa't isa.
- Opsyonal — Ilarawan ang iba pang mga pamamaraan:

Pamamaraan kung ang isang Tao sa Pasilidad/Lugar ng Trabaho ay Nasuring Positibo sa COVID-19

- Suriin at sundin ang lahat ng mga pamamaraan na nakalista sa www.sccsafeworkplace.org sa kaganapan ng isang kumpirmadong kaso ng COVID-19 sa mga tauhan.
- Lumikha, at magpaskil sa isang lugar na madaling makita ng mga tauhan, isang plano na susunod sa lahat ng naaangkop na mga pamamaraan na nakalista sa www.sccsafeworkplace.org sa kaganapan ng isang kumpirmadong kaso ng COVID-19 sa mga tauhan. Nakasalalay sa uri ng pasilidad, ang mga pamamaraang ito ay maaaring magsama nang, kasama nang iba pa:
 - Agad na alisin ang nahawaang tao mula sa pasilidad/lugar ng trabaho at tiyakin na hindi na sila sumasakop sa parehong espasyo tulad ng iba pang mga tauhan.
 - Atasan ang nahawaang tao na manatili sa bahay at magbukod, alinsunod sa mga tagubilin na nakalista sa www.sccsafeworkplace.org.
 - Ipagbigay-alam sa Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng County sa loob ng apat na oras na nalaman ang positibong kaso sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tagubilin sa www.sccsafeworkplace.org.
 - Kilalanin ang sinumang manggagawa (at mga customer, kung kilala) na nakipagsalamuha ng malapitan sa nahawaang tao.
 - Sumunod kaagad sa anumang imbestigasyon ng kaso, pagsubaybay ng nakipagsalamuha, at mga pamamaraan ng imbestigasyon sa lugar ng trabaho ng Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng County. Kasama dito ang pagbibigay ng mga pangalan, address, numero ng telepono, at mga petsa at oras ng trabaho para sa mga nakasalamuha ng malapitan ng nahawaang tao, na ang mga employer ay kinakailangan ng batas na magbigay nito sa Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng County kung ito ay hiniling.
 - Ibukod ang lahat ng mga nakipagsalamuha ng malapitan mula sa pasilidad/lugar ng trabaho o anumang iba pang lugar ng trabaho alinsunod sa mga tagubilin na nakalista sa www.sccsafeworkplace.org.
 - Pagpapatupad ng mga pamamaraan sa paglilinis at pagdidisimpekta para sa mga lugar na binisita kamakailan ng nahawaang tao tulad ng nakasaad sa www.sccsafeworkplace.org, at pagsasara ng mga lugar na binisita ng nahawaang tao hanggang makumpleto ang paglilinis at pagdidisimpekta.

Karagdagang mga Pamamaraan

BINAGONG Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao
Plano na Pangproteksyon sa COVID-19 na
Partikular sa Lokasyon



- Repasuhin at ipatupad ang mga pamamaraan sa anumang naaangkop na mga partikular sa industriya na direktiba na inilabas ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County at Patnubay na Partikular sa Industriya sa COVID-19 na inilabas ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng California.
- Ilarawan ang anumang ipinatupad na mga karagdagang pamamaraan sa kalusugan at kaligtasan (hal. pagbibigay ng mga pinaghigpitang oras ng pagbibili para sa mga matatanda at iba pang mga indibidwal na may mataas na panganib para sa COVID-19):

Sertipikasyon

- Kinukumpirma ko na ang negosyong ito ay magbibigay sa lahat ng tauhan ng isang kopya ng Binagong Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao na ito at magsasagawa ng mga pagsasanay na kinakailangan sa Binagong Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao na ito; na ang negosyong ito ay magpapaskil ng mga kopya ng na-update na Palatandaan na COVID-19 PREPARED, Papel ng Impormasyon para sa Bisita ng Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao, at ang mga palatandaan na kinakailangan dito; na ang anumang palatandaan na naipaskil alinsunod sa mga tagubilin na nakalista sa www.sccgov.org/covidcapacity ay tumpak; na ang negosyo ay magpapatupad ng lahat ng naaangkop na mga pamamaraan tulad ng nakasaad dito; na ang Binagong Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao na ito ay maaaring magagamit ng publiko; na ako ay awtorisado na magkumpleto at pumirma ng sertipikasyong ito sa ngalan ng negosyong ito; na nauunawaan ko na ang kabiguan sa pagsunod sa mga kinakailangan na ipinataw ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County ng Santa Clara (kasama na ang Binagong Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao na ito) ay labag sa batas at maaaring maparusahan ang negosyo o ang mga responsableng indibidwal sa pamamagitan ng pagkabilanggo o isang multa o pareho; na ang negosyong ito ay tumatanggap ng serbisyo sa pamamagitan ng email sa email address na nakasaad sa ibaba ng lahat ng mga dokumento na nauugnay sa pagpapatupad na pang-administratibo ng Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan; at ang lahat ng impormasyon ng Binagong Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao na ito ay kumpleto at tumpak sa abot ng aking kaalaman na nabuo pagkatapos ng masigasig at masusing imbestigasyon.
- Pinapatunayan ko sa ilalim ng parusa na bawal ang pagsisinungaling sa ilalim ng mga batas ng Estado ng California na ang mga nabanggit ay totoo at tama.

Pangalan:

Petsa:

Titulo:

Email:

Telepono:

Lagda: